

1

Paroo't parito si Lianne sa harapan ng bahay. Inis na sinipat niya ang digital clock ng kanyang cellphone at napabuga ng hangin. Male-late na sila sa grand opening nila sa *Shangri-La Plaza*.

At kasalanan iyon ng hinayupak na si Leon!

“Ate, maupo ka kaya muna,” suhestyon ni Clyde. Hindi paris niya, hindi natataranta ang fifteen-year-old na kapatid. Nakapagkit ang mga mata nito sa nilalaro. Nakaupo ito sa isa sa mga kahon ng mga produkto nila at enjoy na enjoy sa paglalaro sa *PSP* nito.

Lalong uminit ang ulo ni Lianne. Pero hindi niya puwedeng pagbalingan ang teenager sa pagkakataong iyon. Hindi niya ito puwedeng pagalitan sa paglalaro ng *PSP*. Sadyang mahirap utusan si Clyde at matagal kumilos. Pero matalino at matanda itong mag-isip.

Ewan ni Lianne kung na-predict na nito na hindi magiging maganda ang mood niya sa araw na iyon kaya nagpakalisto ito. Mabilis na naiayos na ng kanyang kapatid sa walong malalaking plastic bag at tatlong kahon ang mga native handicraft nilang idi-display sa mall para wala siyang masabi.

Si Lianne ang may-ari ng *Noypi Crafts and Hats*, isa sa mga kilalang native handicraft business sa lugar nila sa San Miguel,

Quezon. Naimbitahan siya ng *Manila Crafts Expo* para sa ten-day showcase sa *Shangri-La Plaza*, isang malaki at magandang mall sa Shaw Boulevard, sa EDSA. May kamahalan ang fee pero gusto ni Lianne na mas dumami pa ang mga parokyano nila.

“Ten a.m. kasi magbubukas ang mall at mag-aayos pa tayo sa stall natin. Anong oras na? 8:30 na!” reklamo niya. “Ang s’abi niya sa text niya kagabi, eight daw ng umaga tayo aalis.”

Bagaman twelve years ang gap ng edad nila ni Clyde, parang magbarkada lamang sila nito. Walang kyeme si Lianne na magastang bata sa kapatid kung nagagalit.

Nasusupalpal din naman siya ni Clyde. “Eh, di baka 8:30 siya darating!”

Isang grey mini-van ang huminto sa harapan ng gate ng bahay. Binusinahan sila nito.

Sa wakas, dumating na ang unggoy!

Mabilis na naitabi ni Clyde ang laruan sa sling bag nito at tumakbo na patungo sa van dala ang dalawang malalaking plastic bag ng merchandise nila. Dumampot na rin si Lianne ng kahon matapos itago ang cellphone sa dalang shoulder bag.

“Uy, Clyde,” narinig ni Lianne na bati ni Leon sa kanyang kapatid. Bumaba na ito ng sasakyan para tulungan sila. Hindi niya ito tiningnan. Ayaw pa niya dahil inis pa siya sa pagiging tardy nito.

“Uy ka rin, Kuya Leon,” masayang tugon ni Clyde. “Bakit late ka?” kaswal na tanong nito. “Na-traffic ka ba?”

“Medyo. Tinanghali kasi ng gising—”

“Siguro’y puyat. Sa kalalaro?” sarcastic na pakikisali ni Lianne. Hindi na niya napigilan ang magkomento. “Same... same... ka pa rin ba? Ha, Leonard Sabiniano II? Dapat kung hindi ka makakarating on time, tinanggihan mo na kami. Tito Narding will understand dahil sobra-sobrang favor na ang pagpapatira n’yo sa amin nang libre sa bahay n’yo.”

“Uy, Anne. Kumusta? It’s good to see you, too.” Tila hindi naman apektado sa mga sinabi niya si Leon. “Parang hindi ka nakatulog nang maayos kagabi. May mga surot na ba ang kama sa itaas?”

Hindi pa rin nagbago si Leon. Alaskador pa rin ito.

Inirapan ni Lianne si Clyde nang tumawa ito sa biro ng kababata niya. Pangalawang balik na nito mula sa van. Muli itong bumitbit ng dalawa pang plastic bag nila.

“Ibahin daw ba ang usapan?” Tiningnan na niya si Leon. Gusto pa niyang litanyahan ito ng katarayan, pero parang naumid ang dila niya.

Nasalubong niya ang mga mata ang binata. For a second or two, parang nahipnotismo siya sa mga titig nito. Sandaling na-transport siya sa high school days nila... nang naging crush

niya ito. Bigla rin niyang ibinasura ang alaala.

Isang pilyong ngiti ang gumuhit sa mga labi ni Leon. “What’s wrong with my face? Gumuwapo ba ako, Anne?”

Napamaang si Lianne. *Sobrang yabang pa rin pala ng unggoy!* “No!” mataray na react kaagad niya. “Nagulat lang ako dahil isa ka na palang *babae* ngayon. It seemed, naubusan ka na rin ng pang-ahit sa bahay mo.”

Naging malawak lamang ang pagkakangiti nito na lalong ikinainis ni Lianne. She was talking about his shoulder-length hair na mamasa-masa pa. May manipis na bigote rin ang binata at mumunting stubbles sa jawline nito. He looked okay, though. Tisoy pa rin. Nag-exaggerate lamang siya.

Yes, gumuwapo nga ang kababata—*lalong gumuwapo* matapos ang matagal na pagtatago nito sa Maynila. Despite Leon’s rugged appearance, pangbalanse sa long-hair/bigotilyo look nito ang mga labi nitong laging mapanukso kung nakangiti, ang matangos na ilong at ang droopy eyes nitong nakakalunod makatingin.

Well, at least, iyon ang epekto kay Lianne ng binata dahil *dati* nga niya itong crush! Sadly, *nag-crash* na ang feelings niya para rito!

“Concerned ka ba, Anne?” ganting tanong nito. “Wala pa lang siguro akong time para pumunta sa *beauty parlor* unlike you.”

Nagbuhat na rin si Leon ng mga plastic bag para tulungan si Clyde. Hawak pa rin ni Lianne ang kahon. Sinabayan niya ng lakad patungo sa mini-van ang kababata.

“I couldn’t blame you. Sobrang busy ba sa mga games mo? So, may bago ka na bang nilalaro ngayon?”

“You look good, too, Anne,” sa halip ay tugon nito, mukhang ayaw pag-usapan ang tungkol sa bisyo. Umakyat ito ng van at iniayos sa loob ang mga native products nila. Nasa harapan na uli ng bahay si Clyde, kinukuha ang mga huling kahon nila.

Inabot ng binata ang dala niyang kahon. Matapos iyong ilagay sa ibabaw ng isang upuan ay bumaba na uli ito. Sa kabiglaan ni Lianne ay kinabig siya ni Leon sa tabi nito. Sandali lang naman siyang nadampian nito sa braso. But it brought a funny feeling to her. Para siyang nakuryente sa hawak nito. She was also too close to the guy; she smelled his fresh shower scent. Siguro ay amoy lamang iyon ng sabon o shampoo na ginamit nito, pero parang makakagayuma ang epekto niyon.

Na-turn off siya nang magsalita ito. “Parang tumangkad ka na, Anne.” Sinusukat pala nito ang height niya.

Hindi katangkaran ang dalaga; 5’2” lamang siya kumpara sa taas nitong 5’6”. Mukha lamang siyang matangkad dahil balingkinitan siya. Sa puntong iyon, nakasuot siya ng four-inch din wedges kaya halos pantay sila ng taas ngayon ni Leon. Obvious na inaalaska siya nito dahil sa mataas na sapatos niya.

Sana lang ay hindi na ito magkomento sa suot niyang bulaklaking summer dress. Dahil kung ookrayin pa siya nito ukol sa damit, baka masuntok na niya ito.

“Yes, Leonard,” she replied proudly. “At ikaw naman ay pumapandak na. But in fairness, mukha ka pa ring matangkad sa straight-cut mong jeans at itim na t-shirt. Dapat lagi ka talagang nakasuot ng itim na t-shirt para maging macho at matangkad.”

Sanay na talaga si Clyde sa iringan nila kahit noon pa man. Dedma lamang ito. Nang muling sulyapan ni Lianne ang nakababatang kapatid ay nasa likurang upuan na ito ng driver seat. Maganda na ang puwesto habang naglalaro na uli ng *PSP* nito.

Bumuntong-hininga si Leon pero nakangiti pa rin. “Shall we go?”

“Hindi ka mahuhuli,” kaswal na paliwanag ni Leon habang nagbibyahe na sila. “Alam ko naman ang mga shortcut dito, kaya hindi tayo mata-traffic. Kalkulado ko pa rin ang oras natin.”

Hindi sumagot si Lianne. Ayaw sana niyang maupo sa unahan na katabi ang kababata pero wala siyang choice. Napuno ng mga paninda nila ang likod ng van. Tanging si Clyde ang napapuwesto roon. Parang wala pa rin silang kasama ni Leon. Tahimik pa rin sa *PSP* nito ang kapatid niya.

“Anyway, mas maganda ka talaga ngayon, Anne. I’m not kidding.”

Humaplos sa puso ni Lianne ang sinabi ni Leon. But she reminded herself not to take his words seriously. Minsan na siya nitong nabitag at hindi na iyon muling mangyayari.

“Kumusta naman si Joanna?” pambabalewala niya.

Ngumiti lamang ito bilang tugon. Pinamulahan siya. Nagmukha ba siyang interesado sa love life nito? Itinama niya kaagad ang tanong.

“I mean, hindi ka na nagkaroon ng iba pang girlfriend, hindi ba?”

Umiling ang lalaki. Hindi nito inaalís ang mga mata sa kalsada. “Dinig ko’y hindi ka pa rin nagbo-boyfriend.”

“Abala ako sa pag-aasikaso sa negosyo ng Nanay at Tatay,” taas-noong tugon niya. *Hindi ko alam na tsismoso ka na rin pala!* gusto sana niyang idagdag.

“Pero sa ’yo na nakapangalan ang tindahan n’yo, hindi ba? You did well, Anne. Ang lakas daw ng export n’yo.”

“Hindi naman. Kapag siguro naging dalawa o tatlo na ang tindahan namin, masasabi kong asensado na kami. As for boyfriends, nag-e-enjoy pa ako sa pamamasyal sa iba’t ibang lugar, kaya wala pa talaga sa plano ko ang makipagrelasyon. Ayoko pa ng *asungot* sa buhay.”

“Sus! Baka wala talagang gustong manligaw sa ’yo.”
Tumawa ito.

“Oh, shut up, Leonard!” Iritadong hinalungkat ni Lianne ang earphones ng kanyang cellphone mula sa shoulder bag niya. Gusto niyang makinig na lamang ng *MP3* mula sa kanyang phone. *Wala raw gustong manligaw sa akin? Ang sama ng talaga ng ugali!*

Ayaw na niyang marinig ang mga pang-aasar ni Leon. Pero bago pa man niya maipasak sa mga tainga ang earphones, tiningnan siya ng katabi. Noon ay tumigil ang sasakyan dahil sa naging pula na ang traffic light. Nginisian siya nito.

“O, baka naman hinihintay mo pa rin si Secret Admirer—”

“Shut up!” Pinandilatan na ito ni Lianne. Sukdulan na ang poot.

“You started it.” Nawala na ang magandang ngiti nito. Napatapak ito nang mariin sa gas pedal nang mag-green na uli ang traffic light. Umangal si Clyde na nakapuwesto sa likod sa biglang pag-arangkada ng mini-van. Nabuwal kasi ang mga naka-plastic nilang mga pambenta.

“Hoy, ano ka ba!” Nag-panic din si Lianne. “Dahan-dahan naman.”

“Gusto kong makipag-truce sa ’yo,” saad ni Leon. Naging pormal na nga ito. “Maybe mag-sorry dahil hindi ka pa rin pala nakakapag-move on hanggang ngayon. Pero supladahan daw

ba ako? Para ka namang bata, Anne. Parang napaka-big deal ng ginawa ko—”

“Sorry, para nga akong bata,” agaw ni Lianne. Nasaktan na nga siya. How dare he? *Hindi raw big deal?* Wala kasi itong alam... “Sana kasi tinanggihan mo na lang ang tatay mo na ihatid kami,” dagdag niya. “Ano ba kung first time namin sa Maynila? Nakakarating na naman ako sa kung saan-saan. Mas gusto ko pa siguro ang maligaw kami rito kaysa mabuwisit na makasama ka!”

Ibinuka nito ang mga labi, may sasabihin pa sana. Pero itinikom nitong muli ang bibig. Halatang galit na rin ito sa kanya. Na-intimidate si Lianne sa binata. Hindi na siya nito muling sinulyapan. Nagdulot ng kilabot ang pananahimik nito. She saw him clench his fists. Namuti ang knuckles nito sa pagkakahawak sa manibela. Sandali siyang nakonsyensya. Mas pinairal niya ang ideyang hindi siya makikipagbati sa kababata kahit kailan.

Nang makarating sila ng *Shangri-La Plaza* ay ayos na si Leon. Maaliwalas na uli ang mukha nito, pero hindi na siya kinibo. Si Clyde ang kinausap nito habang inaareglo nila sa security guard ang mga ipapasok nilang merchandise sa mall. For some reason, hindi naman iyon nagustuhan ng dalaga—ang balewalain siya ni Leon.

“P’wede pala akong umakyat sa computer store n’yo?” Bilib na bilib si Clyde kay Leon. Nakaka-relate kasi ang binata sa kapatid niya kapag tungkol sa games ang usapan. “P’wedeng makilaro ako o tumambay roon?”

Nag-aayos na sila ng mga idi-display na stock sa stall nila sa ground floor nang magpaalam na rito ang kababata.

“P’wede naman. Kung papayagan ka ng ate mong *dragon*.” Ibinulong iyon ni Leon na narinig pa rin ni Lianne. Napatawa si Clyde. Pero bago pa man siya makapagkomento, kinindatan na siya ni Leon at matuling nakalayo sa kanila.

Okay, he’s back! Parang hindi na ito galit sa kanya. O siguro ay mas pinili nitong *asarin* na lang siya kaysa magalit.

“Unggoy!” tanging nasabi niya.

Bukod sa computer store sa Gilmore, may puwesto rin si Leon sa *Shangri-La Plaza*, sa third floor. Kung hindi lang masama ang loob ni Lianne sa binata, puwedeng aminin din niya sa kababata na thumbs-up din siya rito. Sino ang mag-aakala na ang dating pasaway at arcade game addict na si Leon ay magiging isang matagumpay na negosyante?

“No, hindi papayag ang ate mong *dragon*,” sarcastic na sabi ni Lianne kay Clyde. “Ayokong didikit ka sa hinayupak na ’yun!”

“Ate naman, huwag mo akong idamay,” reklamo ni Clyde. “Three years old pa lamang ako noon, wala pa nga akong muwang. Sana kasi hindi mo pinadalhan ng mga bulaklak ang sarili mo n’un—”

Napanganga siya. Gusto niya itong kutusan sa katabilan nito. Pero mag-a-alas diez na ng umaga, kailangan na nilang

magmadali sa pag-aayos ng mga handicrafts nila kung gusto nilang makabenta.

“Mamaya kang bata ka!” nasabi na lamang niya.

Hindi man maganda ang pasok ng umaga ni Lianne, umayos naman ang kanyang mood nang magsimulang magsidagsaan ang mga mamimili sa mall. Nakabenta sila nang kaunti pero mas nag-enjoy siya sa pakikipag-usap sa mga taong nagkakainteres sa mga native handicrafts nila. Siya kasi ang gumagawa ng mga sariling disenyo at nasisiyahan siya sa mga positibong impresyon ng mga tumitingin.

Mag-a-alas-siete ng gabi, kababalik lamang ni Lianne galing sa isang fastfood dala ang dinner nila ni Clyde nang salubungin siya ng kapatid ng isang dosenang puting rosas. Pinamutlaan siya matapos makita ang card niyon. Umakyat na siya sa computer store ni Leon.